

Liham ng Obispo sa Bagong Taon 2023
Ikatlong Kabanata: Pagsasabuhay ng Pananampalataya sa Panahon ng Corona
Pagsagawa ng Sinodo

Panimula

Ang ika-16 na *Ordinary Synod* o Sinodo ay pormal na inilunsad sa simbahan sa buong mundo noong Oktubre 2021, ang Pangkalahatang Pagtitipon naman ay gaganapin sa Roma sa Oktubre 2023 at 2024. Ang Sinodo ay ang Pandaigdigang samasamang paglalakbay ng mga Obispo. Ang salitang Sinodo ay nagmula sa wikang Griyego na binubuo nga mga salitang **syn** (magkasama) at **hodos** (daan, paglalakbay, buhay) o ang "paglalakbay nang sama-sama" o "pamumuhay nang sama-sama." Ang *Synodality* ay "sama-samang paglalakbay," "daan sa sama-samang paglalakbay," at "sama-samang pamumuhay."

Ang layunin ng Synod na ito ay pahintulutan ang makabagong Simbahan na tuklasin muli ang **synodality** o ang pagsasalarawan ng natitipon at samasamang naglalakbay na Bayan ng Diyos, na siya namang tunay na diwa ng Simbahan. Sinabi ni Pope Francis na ang Synod ay magiging isang paraan upang mas maramdaman ng bawat mananampalataya na sila ay may tahanan na kung saan ang bawat kasapi ay may Kalayaan ka na makilahok sa buong proseso. Umaasa din siya na ito ay magiging pagkakataon na makinig sa mga kwento ng pagdurusang pag-asa ng ating mga kapatid at samasamang muling tunghayan ang isang Simbahan na mas malapit sa kanila.

Ang *synodality* ay may tatlong dimensyon; Pakikipag-isa, Pakikilahok at Misyon. Ang bawat Kristiyano ay nakikiisa sa simbahan na sinasalamin ng Banal na Santatlo (Triune God) upang tuparin ang misyon na ipahayag si Kristo at ang Kaharian ng Diyos.

Sa liham ngayong Bagong Taon, ang 10 katanungan ng Synodo ay nagpapatungkol sa "pakikipag-kaisa," "pagsali sa lipunan," at "pagbibigay ng patotoo ng pananampalataya" na sinasalamin ng ating pang-araw-araw na buhay. Sa ating buhay ngayong panahon ng Corona, gawin nating pamantayan ng ating pamumuhay ang **synodality**.

1. Sino ba ang aking mga Kaibigan na Pwede kong Makalakbay?

Bilang mga Kristiyano, tayo ay naglalakbay kasama ang Panginoon. Sa pagpasok ng ika 4 na taon ng Corona, magandang simulan natin ang usapaing ito sa tanong na, "sino ang mga nakadamay ko sa panahon ng pandemya na ito? Upang masagot ito, kinakailangan nating pagbalik tanawan hindi lamang ang mga taong nakasalamuha natin sa araw-araw, kundi maging ang mga tao na nagpahalaga sa atin. Habang ang kasalukuyang henerasyon ay nagsusumikap na balansehin ang pagkontrol ng impeksyon at ang araw-araw na pamumuhay, nagawa ba nating makatulong sa mga nangangailangan o naghihirap, kahit sa kaunting pamamaraan? O mas inuna ko ba ang sarili kong kaligtasan at kasiguraduhan na naging hadlang sa akin upang makiisa sa ibang tao?

Pagnilayan natin ang kwento ng Mabuting Samaritano (Lk 10:25-37). Ang paring Judio at ang Levita ay umiwas sa daan na kinaroroonan ng lalaking hinarang, ninakawan at nag-aagaw

buhay. Mas ninais nilang pahalagahan ang estado ng kanilang buhay kesa sa tumulong. Samantalang ang Samaritano naman ang naawa, lumapit, at nag-aruga sa estranghero. Nakiisa siya sa pagdurusa ng iba, at dahil dito, nabuo ang panibagong ugnayan kasama nang iba.

Sa kasamaang palad, meron mang pandemya o wala, may mga tao sa mundo na hindi marunong makiisa sa pag hihirap ng iba, sa halip, mas pinapahalagahan nila ang kanilang sariling interes. Sa kabilang banda, meron din namang handang magsakripisyo at tumulong sa kanilang kapwa. Tumatanaw tayo ng malaking utang na loob sa mga dedikadong manggagamot at mga essential workers na nag-alay ng sarili para sa iba. Sa sitwasyon na kung saan hindi posible ang face-to-face contact, may mga taong sinubukang iugnay ang mga tao sa pamamagitan ng mga makabagong pamamaraan tulad ng SNS at Internet. Sa ganitong paraan, nagkaroon tayo ng ugnayan, mamuhay nang may pag-ibig at awa, na kung saan isinilang ang bagong pakikipag ugnayan, na siya namang pangunahing diwa ng synodality.

2. **Buhay kasama ng Banal na Espiritu**

Ang sydonality ay nagsisimula sa pakikinig sa tinig ng ating mga kalakbay. Ang pakikisama ay nabubuo kapag nakinig tayo sa isat-isa. Simulan natin ito sa pamamagitan ng paghikayat sa bawa't isa na makipag-usap. Malungkot na makiisa sa Banal na Misa at umuwi na hindi nakikipag dayalogo man lamang sa ating kapwa mananampalataya. Sayang kung mauwi lamang sa pormalidad ang pagbati ng "Kapayapaan ng Panginoon" sa Misa na hindi man lang naisabuhay ang tunay na diwa nito.

Sa ngayon, karaniwan na ang pakikipagkita sa mga banyaga sa simbahan. May mga pagkakataon na napakahirap makipag ugnayan sa kanila dahil sa limitadong kaalaman sa lenguwahe. Hindi kaila na may mga taong tulad ng mga *technical intern trainees* na nagmula sa Asya tulad ng Pilipinas at Vietnam na nalulungkot dahil hindi sila makapaglaan ng oras upang matuto ng Nihongo. Minsan maraming dahilan kung bakit hindi tayo nakikipag-usap. Kawalan ng lakas ng loob, kawalan ng oras, o di kaya'y kawalan ng disposisyon na makinig, ay ilan lamang sa mga dahilan na ito.

Gayunpaman, ang kapatiran na nilalayon ng simbahan ay hindi lamang makahanap ng matalik na kaibigan, at hindi rin para sa pagkakaroon ng mga kasama, kundi, isang malalim na pagka unawa sa pagkakaisa. Si Kristo ay tulad ng isang katawan na may maraming bahagi. Bagama't binubuo ng ibat-ibang bahagi, ito ay nananatiling iisang katawan sa pamamagitan ng isang Banal na Espiritu (1 Cor 12). Ang Banal na Espiritu ang nagbubukas ang ating puso para sa iba at siyang bumabalangkas ng pagkakaisa sa diwa ng pag ibig. Ang paglalaan ng oras sa isang tao, ay isang hakbang ng pakikinig bilang isang komunidad o simbahan, at hindi lamang bilang isang indibidwal. Bilang isang komunidad mas pwede tayong umagapay at makatulong sa problema at agam-agam ng iba kung ito ay maibabahagi sa komunidad. Napapaligiran tayo ng mga oportunidad na gamitin ang kaloob ng Banal na Espiritu sa "pakikinig" anumang oras, saan man, sa pamilya man o sa lipunan.

3. **Maging Tinig para sa mga walang Tinig**

Sinabi ni San Pablo apostol: "Kung papaanong ang katawan ay binubuo ng maraming bahagi

at mag kakaiba ang gawain ng mga ito, gayun din naman, kahit na tayo’y marami, nabubuo tayo sa iisang katawan ni Kristo, at tayong lahat ay bahagi ng isa’t isa.” (Rom 12:4-5). Ang pagbabahagi ng mananampalataya ay isang tanda ng pakikipagkakaisa sa Banal na Espiritu. Kaya naman binibigyang-halaga ng simbahan ang pagbabahaginan o ang pagpapalitan ng mga saloobin sa isa’t isa. Karapatan at mahalagang tungkulin ng mananampalataya na ipahayag ang kanilang opinyon para sa kapakanan ng eklesiyastikal na pamayanan. Gayunpaman, may mga tao ay nahihirapang gawin ito, dahil ang pagbubukas ng sarili sa iba ay nangangailangan ng sapat na lakas at lakas ng loob. May mga pagkakataon din na ang pagsusumikap natin, ay upang matugunan ang ating mga pangangailangan, dahilang upang hindi tayo aktibong nakikisalamuha sa mga tao sa ating kapaligiran. Hindi man lang mabigyan ng boses ang mga nasa laylayan ng lipunan. Samakatuwid, upang makabuo ng isang komunidad, ang mga may kakayahan na magsalita ay maging boses nawa ng mga hindi makapagsalita.

Kailangan din nating bigyang pansin ang mga tinig ng mga nasa laylayan ng lipunan at nang mga napag-iwanan. Ang mundo, ay kasalukuyang nahaharap sa iba’t-ibang krisis at problema, kabilang na ang pandemya, digmaan at sigalot sa Ukraine, natural na sakuna dulot ng pagbabago ng klima, refugee at migrante, at diskriminasyon sa lahi at etniko. Sa likod nito ay ang sigaw ng “uhaw sa katuwiran” (Mateo 5:6), na bumangon mula sa kinalulugmukan sa sulok ng lipunan. Ang sigaw ay tinig ng mga walang boses, na kung saan kumikilos ang Banal na Espiritu. Ang simbahan ay binibigyang kahulugan ito bilang isang **"tanda ng panahon."** Ang layunin ng synodality ay; sa halip na maging walang malasakit sa paghihirap at pangangailangan ng maliliit, hindi natin dapat kalimutan ang mahalagang tungkulin ng pakikinig sa boses ng mga walang boses.

4. **Pagbabahagi ng saya sa pagdiriwang ng buhay na magkasama**

Sa pagkakataong ito, bilang tugon sa survey ng Sinodo, ang pakikilahok sa liturhiya bilang **"pagdiriwang"** (Sa Ingles, tinatawag nating Pagdiriwang ng Banal na Misa), may mga mananampalataya na hindi nakakaramdam na ang pakikilahok nila sa liturhiya ay isa ring pamamaraan ng pag diriwang. Madalas kong marinig sa mga dayuhang mananampalataya, tulad nang mga bansang Pilipinas, Vietnam, at Latin America, na gusto nilang bigyang buhay ang Misa sa wikang Hapon. Patunay na maaaring hindi nararamdaman ng mananampalataya ang presensya ng mga tao sa kanyang kapaligiran. Ito ang layunin ng **liturgical questionnaire**, upang matiyak kung ang pakikinig ng komunidad sa Salita at ang pagdiriwang ng Eukaristiya ay nagpapasigla sa kanilang buhay at misyon.

Sa Japan, kapag sinabing **"pagdiriwang"**, ang pumapasok kaagad sa isip ay ang pagdiriwang sa dambana. Ang dambana ay isang lugar kung saan bumababa, at lugar kung saan naninirahan at kung saan nakikipagtagpo ang diyos sa tao. Ang **matsuri** (pista) ay pinamamahalaan ng lokal na komunidad na kung saan ito ay nagsisilbing lugar para ibahagi ng mga tao ang kanilang mga naisin at kagalakan sa pamumuhay. Ang mga katangiang ito ng pagdiriwang, ay karaniwan rin sa liturhiyang Kristiyano. Ang pangunahing katangian ng pagdiriwang ng Simbahang Katoliko ay matatagpuan sa Sakramento ng Eukaristiya, na kung saan ipinapakita ang pakikipag-isa at pagkakaisa ng Diyos sa buhay nang tao na naisasakatuparan sa pamamagitan ng Sakramento. Ang pagiging buhay ng pagdiriwang ng Misa

ay hindi dala ng mga kanta at paggalaw, kundi, ito ay dala ng liturhiya na kung saan ang puso ng bawat isa ay nagkakaisa sa pagdiriwang nang may kagalakan at pasasalamat sa Diyos. Ang restriksyon sa Misa dulot ng pandemya ay nagbigay daan sa atin na makita ang kahalagahan ng Misa sa ating buhay spiritwal. Gayun din, nawa, ang pagbabago na nagsimula ngayung Kapanahunan ng Adbiento sa liturhiya ng Misa sa wikang Hapon ay magdulot din sa atin ng mas taimtim na panalangin katuwang ang nagdiriwang na sambayanan.

5. Pakikiisa sa Tungkulin para sa “Simbahang Naglilingkod sa Mahihirap”

Ang pangarap ng Santo Papa, na ang simbahan ay matutong makinig at magsilbi sa mga nasa laylayan ng ating lipunan kagaya ni Kristo na nakilakbay sa mga nasa abang kalagayan. Kaya naman ang simbahan ay tinatawagan na lumabas at makipamuhay kasama ng kumunidad. Naniniwala tayo na ang ating Diyos ay hindi Diyos na nakakubli at gayun din, na ang ating ugnayan sa kanya ay hindi dapat na natatago. Sapagkat napapaloob sa ating pananampalataya na mamuhay kasama ng ating mga kapatid bilang bahagi ng katawan ng simbahan na ang ulo ay si Kristo.

Ang isa sa mga layunin nang Sinodos na ito ay para magkaroon ng pangarap para sa simbahan, at maibahagi natin ang pangarap na ito sa bawat miyembro at sa bawat isa na naglilingkod sa gawaing pangmisyong ng simbahan. Ang gawaing pangmisyong ay hindi lamang tungkulin na nakaatang sa gaya ng mga pari. Sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, lahat ng mga mananampalataya ay nakikiisa sa gawaing ebanghelisasyon na hinubog ng Salita ng Diyos at paglilingkod sa pagmamahal. Ang paglilingkod ay paraan ng pagpapahayag ng pag-ibig na handang magbigay ng sarili, oras at materyal na pamamaraan. Kaya, sa pamamagitan ng synodality, ang pamumuhay sa pag-ibig, ang Simbahan na naglilingkod sa mga dukha ay maaaring lumago bilang isang katawan ni Kristo.

Yamang totoo na ang simbahan ay kumakaharap sa ibat-ibang hamon gaya ng pagdami ng nagkaka-edad na miyembro, pag-alis ng mga kabataan, magkaka-salungat na paniniwala at problemang pinansyal, kahit na tayo ay magkasundo na kailangan nating kumilos at magtulungan, minsan nahuhulog tayo sa kawalan ng pag-asa o solusyon. Sa mga pagkakataon na gaya nito, kinakailangan nating mas lalong manalangin sa Espiritu Santo na bigyan nang lakas ang mga pari, relihiyoso at layko na suportahan ang isa't-isa at mapag-usapan ang mga balakid sa diwa ng synodality.

6. Pagbuo ng isang Tirahan, Isang Malayang Lipunan

Sa ngayun, ang pagkaka-hiwalay, deskriminasyon, at pagkaka-iba-iba ay nangingibabaw sa mundo. Para alisin ang ibat-ibang hadlang laban sa mga dukha, maysakit, maykapansanan, maniningil ng buwis, Hentil, Samaritano, balo, babae at ang iba pang hamak at hindi nabibigyan ng halaga sa lipunan noong kapanahunan ni Jesus, siya ay nagbigay ng praktikal na patotoo sa awa ng Diyos sa pamamagitan ng pakikipamuhay kasama nila. Gaya Niya, kailangan din nating hanapin at harapin ang mga hadlang na ito. Halimbawa, kung merong may edad na namumuhay na mag-isa at nangangailangan ng pagkalinga, bisitahin at alamin kung ano man ang pupuwedeng maitulong sa kanya ito man ay gawaing personal or

komunal. Kung may mga kabataan na nakakaranas ng problemang emosyonal maaaring ang pakikiisa sa kanila ay mag bigay daan para maunawaan at magabayan sila sa mga gawain na makatutulong sa kanila.

Ang Synodality ay ang pagkakaroon ng interes sa mga nangyayari sa kapaligiran, pakikipagkapwa tao, at pag gawa ng konkretong mga hakbang na makatutulong sa bawat kabilang nito. Ito ay paraan ng paggawa ng mga tulay na mag ugnay sa bawat isa. Halimbawa, may mga tao na nag-organisa ng pagpapatayo ng *cafeteria* para sa mga bata, nagbibigay ng malasakit at pananampalataya kahit sa mga maliliit na bagay na naghahatid ng simpleng kaligayahan para sa iba. May mga tao na naghihintay lang na tulungan at tumulong. Dagdag sa ating pang araw-araw na gawain, ang synodality ay maari ding pakikiisa sa mga gawaing lokal gaya ng paglilinis ng kapaligiran, pagtatabas ng mga damo, at pakikiisa sa mga gawaing pang kumunidad.

7. Pagsusulong ng diyologo batay sa Pag-ibig at Katotohanan

Hindi madaling makipag lakbay sa mga taong may ibang pananaw at paniniwala, kasama na dito ang usaping relihiyon. Sa Japan, kung nag-iisa kang Katoliko sa iyong pamilya, maaring humarap ka sa ibat ibang hirap sa tahanan, gayunpaman, ang lahat ng mga mananampalataya, maging sa kanilang tahanan, at dapat tandaan, na ang kanilang tahanan ay ang unang lugar ng kanilang pagsasabuhay ng buhay misyonero. Ang tahanan ay hindi lugar para ganapin ang pagbabalik loob, kundi, isang lugar para ipadama sa bawat miyembro ang pagmamahal ng Diyos. “Ang nagsasabing “Iniibig ko ang Diyos,” subalit napopoot naman sa kanyang kapatid ay isang sinungaling. Kung ang kapatid na kanyang nakikita ay hindi niya magawang ibigin, paano niya maiibig ang Diyos na hindi niya nakikita?” (1 John 4:20). Ang pamantasan ng pananampalataya ay ang kung paano mo isinasabuhay ang pag-ibig. Halinat ibahagi natin ang ligaya at kagalingan nang pagmamahal ng Diyos sa ating pamilya. Ang tahanan ay ang pangunahing lugar para hubugin ang synodality.

Ang simbahan sa Japan ay may-ugnayan sa gawaing ecumenical kasama ang ibang Kristiyano na naghahangad nang pagkakaisa. Meron ding nagagananp na “*interreligious dialogue*” sa pagitan ng Shinto, Buddhism, Islam at iba pa. ang pakikipag diyologo ay hindi lugar upang isubo sa ibang tao ang iyong paniniwala o pananaw. Ito ay naglalayon na maging mas malapit tayo sa isat-isa, marunong gumalang sa kalayaan, pagpili at pag papasya ng bawat isa. Pagdating sa pagpapahayag ng katotohanan, ang Vatican II sinabi na ang katotohanan ay; marahan, malakas, at may kakayahang tumagos at hindi kinakailangan na ipilit. (cf. *Declaration on Religious Freedom*, 1, Preface). Tayong mga Kristiyano ay naghahangad na matagpuan ang pagkakaisa sa pamamagitan ng pag-aaral ng pagkakaiba ng pananaw relihiyoso sa pamamagitan ng “inter faith dialogue” at samasamang paggalaw para sa katarungan, pagkaka pantay pantay, kapayapaan, at kalayaan. Ang mga nabangit na ito ay mahalaga sa synodality.

8. Daan sa Samasamang Paglalakbay

Ang pagkasira ng kapaligiran sa buong mundo ay isang katotohanan na inirereport araw araw. Kahit na sabihin natin na wala tayong kinalaman sa pagkasira ng kalikasan na nararanasan sa ibang lugar, ang likas na sakuna dulot ng abnormal na panahon ay mas madalas nang nangyayari na sumisira din sa pagkawasak ng ating ekonomiya. Ito ay mas nagdudulot ng sama.

Bilang babala ni Pope Francis, sinabi niya na habang tayo ay nasa panahon pa din ng pandemya, ang galaw ng bawat indibidwal, lipunan, pandaigdigang pamamahala na inuuna ang pagkamakasariili at utilitarianism ay nakakabahala sa sangkatauhan.

Ang lipunan sa kasalukuyan, ay nakikitahan din na sa halip na kumilos sa pansariling interes, ay nagpapahalaga sa sarili, kusang-loob na nagnanais na maglakbay kasama ng lahat, at iba pa, ito ay nagpapakita na ang ating pananampalatayang Kristiyano ay hindi maihihiwalay sa lipunan at maaari rin tayong makilahok sa pagpapabago ng mundo. Ang Diyos ay nagmamatyag sa bawat paggalaw ng tao maging sa kasaysayan. Sinabi ng Santo Papa na ang landas ng simbahan bilang isang manlalakbay at misyonero ng Diyos, ay ang kapitbisig na paghayo habang samasamang tumatahak sa iisang daan. Daan na hindi inilatag ng institusyunal na simbahan kundi daan na kung saan ang bawat isa sa atin ay aktibong isinasabuhay ang tunay na diwa nito sa araw araw. Kung magkakaganito, ang synodality ay magiging isang *lifestyle* sa mundo.

9. Pananampalataya sa Pagkilala sa Banal na Espiritu

Ito ay isa sa mga kondisyon ng synodality, ang pag-ako sa paghihirap na nagaganap sa mundo. Sa istorya ng mayamang lalaki at ni Lasaro (Luke 16:19-31), nakita ng mayaman si Lasaro sa harap ng kanyang bahay subalit tinitingnan lang niya ito. Ayaw niyang tumulong. Ito ay nagtuturo sa atin na ang daan patungo sa kaligtasan ay nakasalalay sa pagbabalik sa tunay na anyo ng tao, na kung saan ang tao ay binuhay sa pamamagitan ng biyaya ng pag-ibig ng Diyos. Tayo ay inaasahan na makinig sa tinig ng Espiritu Santo na nagsasabi kung papaano mamuhay kasama ni **“Lasaro”** na nasa pintuan natin. Sinabi ni San Pablo, ang biyayang spiritual ay ipinagkaloob para sa kabutihan ng lahat. (1 Cor 12:4-11). “At kung ang isang sangkap ay nagdaramdam, ang lahat ng mga sangkap ay nagdaramdam na kasama niya; o kung ang isang sangkap ay nagkakupuri, ang lahat ng mga sangkap ay nangagagalak na kasama niya. (1 Corinthians 12:26). Ito ay hindi isang metapora, ngunit isang katotohanan na nagpapakita na bilang kalakbay, maaari din tayong makiramay at makiisa sa pagdurusa ng iba.

Dahil sinagip ng Diyos ang daigdig, Siya ay nag padala ng “mga tanda ng panahon” sa pamamagitan ng mga pangyayari at kaganapan sa daigdig. Marami sa atin ang hindi pamilyar sa katagang “discernment” o ang mabuting pagpapasya o kaya ang “discernment by the Holy Spirit” o ang mabuting pagpapasya sa Spiritu Santo. Subalit para sa kaalaman ng lahat, sa mga panahon na tayo ay nagdarasal bilang tugon sa panawagan ng Diyos na maging malapit sa Kanyang Salita, ang Spiritu Santo ay ang siyang gumagabay sa atin. Ang mga hakbang na nagaganap sa pagbabahaginan ng kumunidad, pagsusuri, paghatol nang may katotohanan, at pagpapasya sa pamamagitan ng pinagkasunduan ay patunay ng kagandahan ng synodality. Bagama’t tayo ay may kanya kanyang pagkakaiba at paniniwala, ang Spiritu Santo ay patuloy na gumagabay batay sa Palatandaan ng Panahon, upang makapag desisyon na makinig at sumunod kay Kristo, ang ulo ng Simbahan.

10. Halina! Ngayun na ang Oras ng Kaligtasan, ang oras ng Biyaya

Bilang panghuli, wag natin kakalimutan ang Mahal na Birheng Maria bilang magandang halimbawa ng synodality. Pagkatanggap ni Maria sa mensahe ng Diyos, binisita niya ang kanyang pinsan na si Elizabeth. (Luke 1:39-56). Maging ang unang himala na ginawa ni

Hesus sa pagdiriwang nang Kasal sa Cana, siya ay naging sensitibo sa nangyari kaya lumapit siya kay Jesus (John 2:1-12). Gayun din sa awit ni Maria, ang awit ng kalakasang tumayo para sa mga mahhirap at walang lakas at pagnanais na mamuhay ng ordinaryo, at disipulo na handang harapin ang kawalan ng katarungan.

Kahit na humupa ang problema sa pandemic, ang mga pandemya na naganap sa kasaysayan ay nagpapatunay na ang mundo ay hindi na makakabalik sa dati niyang katayuan. Ang pagpapanibago ay darating sa atin pagkatapos nito. Ngayun na ang panahon para magbago, at gawin natin ang mundong ito na mas kaayaaya sa nakaraan. Ngayon na ang kaukulang panahon! Ito na ang araw ng pagliligtas! (2 Corinthians 6:2). Ito ay isang pagkakataon na ayusin ang ating mga prayoridad sa mga bagay na ating pinapahalagahan, hinahanap at buong tapang na simulan ang pag tahak sa bagong buhay.

Upang mas mapalalim ang ating ugnayan, magandang kunin natin ang pagkakataon na ito, na ipinapaunawa sa atin ng sinodos na ang pagbuo ng kumunidad ay hindi lamang ipinapaubaya sa institusyon. Maganda ring pahalagahan ang ating relasyon sa bawat isa. Dito, pwede nating mapayaman ang ating pagkaunawa sa Ebanghelyo sa pamamagitan ng ibat-ibang wika at kultura. Balangkasin natin ang pasagawa ng “aking synodality” sa pamamagitan ng pakikipaglakbay kasama nang mga mahirap, at mahihina gaya ng ginawa ni Maria.

✠ Paul Yoshinao Otsuka

Obispo ng Diyosesis ng Kyoto
Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos
January 1, 2023